Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG BAYAN

RESOLUTION NO. 2025-74

Date of Session : July 28, 2025

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PAGKILALA AT PASASALAMAT SA **RMT RICEMILL** SA PAGBIBIGAY NG DONASYON SA PANAHON NG KALAMIDAD DULOT NG HABAGAT AT BAGYONG CRISING, DANTE AT EMONG SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

	Receiving Office	Received By: (Print Name & Signature)	Date Received
1	Mayor's Office	[redacted]	9/3/25
2	RMT Ricemill	[redacted]	7/4/25
3			
4			
5			
6			

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan

SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG HULYO 28, 2025

MGA DUMALO:

Kgg. Ariel P. Amador — Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

MGA KASANGGUNI

Kgg. Maria Luisa I. Silvestre
Kgg. Juanito H. Santiago
Kgg. Wilfredo D. Diaz
Kgg. Harvey C. Mediante
Kgg. Mary Del Jasa-Aquino
Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano
Kgg. Divina E. Reyes
Kgg. Jessalyn Mahilac-Dela Cruz

MGA EX-OFFICIO

Kgg. Guillermo T. Paraoan Jr. (ABC President)
Kgg. Carlo Gabriel G. Solis (SK Presdient)

KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 74

Itinaguyod ni: Kasangguni Vanessa Valdez-Seminiano

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PAGKILALA AT PASASALAMAT SA *RMT RICEMILL* SA PAGBIBIGAY NG DONASYON SA PANAHON NG KALAMIDAD NA DULOT NG HABAGAT AT BAGYONG CRISING, DANTE, AT EMONG SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

SAPAGKAT, nakaranas ng malalakas na ulan at malawakang pagbaha sa iba't ibang lugar sa Bayan ng Marilao sanhi ng habagat na dulot ng Bagyong Crising, Dante at Emong;

SAPAGKAT, maraming mamamayan ang napinsala at nangailangan ng pansamantalang tulong sa kasagsagan ng kalamidad;

SAPAGKAT, nagpaabot ng tulong ang Punong Bayan Atty. Jemina M. Sy sa bawat mamamayan, na kailangan nang mabilisang aksyon upang maihatid ang mga relief goods sa bawat tahanan at *evacuation center* ng mga nasalanta sa nasabing kalamidad;

SAPAGKAT, isa ang ***RMT Rice Mill*** sa mga nagbigay ng donasyon na nakatulong sa pamahalaan na mapabilis ang pagpaabot ng tulong sa mamamayan ng Marilao na nasalanta sa nasabing kalamidad;

Kung kaya't sa **MUNGKAHI** ni Kasangguni Vanessa Valdez-Seminiano, na pinangalawahan ni Kgg. Juanito H. Santiago, na sinang-ayunan ng lahat ng dumalong Kasangguni.

IPINASIYA gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na pagtibayin ang KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PAGKILALA AT PASASALAMAT SA ***RMT RICE MILL*** SA PAGBIBIGAY NG DONASYON SA PANAHON NG KALAMIDAD NA DULOT NG HABAGAT AT BAGYONG CRISING, DANTE, AT EMONG SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

PANGKARANIWANG PULONG
KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 74

IPINASIYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng Pinuno o Tanggapan na may kinalaman dito.

PINAGTIBAY NANG BUONG PAGKAKAISA, ngayong ika-28 ng Hulyo, taong 2025.

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan.

[redacted]
EDGAR P. RAMIREZ
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

[redacted]
ARIEL P. AMADOR
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

8-07-25